

PROPOSISYON 13

Ang batas na ito na ipinapanukala ng Panukalang Batas ng Asembleya 48 ng Regular na Sesyon ng 2019–20 (Kabanata 530, Mga Batas ng 2019) ay isinusumite sa mamamayan alinsunod sa mga probisyon ng Artikulo XVI ng Saligang Batas ng California.

Ang ipinapanukalang batas na ito ay nagdaragdag ng mga seksyon sa Kodigo ng Edukasyon; kung gayon, ang mga bagong probisyon na idaragdag ay nai-print nang *naka-italic* upang ipahiwatig na bago ang mga ito.

IPINAPANUKALANG BATAS

SEK. 54. Ang Bahagi 71 (na nagsisimula sa Seksyon 101200) ay idinaragdag sa Dibisyon 14 ng Titulo 3 ng Kodigo ng Edukasyon, upang basahin:

**BAHAGI 71. ANG BATAS SA PANGKALUSUGAN
AT PANGKALIGTASANG BONO NG
PAMPUBLIKONG PRESCHOOL, K-12,
AT KOLEHIYO NG 2020**

KABANATA 1. MGA PANGKALAHATANG PROBISYON

101200. Ang bahaging ito ay kikilalanin, at maaaring banggitin, bilang Batas sa Pangkalusugan at Pangkaligtasang Bono ng Pampublikong Preschool, K–12, at Kolehiyo ng 2020.

101201. Ang pagsasama ng, o pagsangguni sa, anumang probisyon ng batas ayon sa batas ng estado sa bahaging ito ay kinabibilangan ng lahat ng susog at karagdagan ng nito.

101202. Maaaring maglabas at magbenta ng mga bono sa kabuuang halaga na labinlimang bilyong dolyar (\$15,000,000,000), hindi kasama ang halaga ng alinmang bonong isasauli na inilabas alinsunod sa Seksyon 101230, 101251, at 101339, para sa mga layuning itinakda sa Seksyon 101220, 101242, 101310, at 101320. Ang mga bono, kapag ibinenta, inilabas, at inihatid, ay magiging at bubuo ng isang balido at umiiral na obligasyon ng Estado ng California, at ang buong katapatan at utang ng Estado ng California ay ipinangangako sa pamamagitan nito para sa napapanahong pagbabayad ng prinsipal, at interest ng, mga bono kapag nakatakda na at maaari nang bayaran ang prinsipal at interes.

101203. Layunin ng Lehislaturang tugunan ang krisis sa mga pasilidad ng paaralan para sa lahat ng mag-aaral ng California na pumapasok sa pampublikong preschool, K–12, mga kolehiyo sa komunidad, at mga unibersidad upang:

(a) I-upgrade ang mga pasilidad ng pampublikong paaralan para sa mga lindol at iba pang mga emerhensiya.

(b) Maglaan ng pondong pang-emerhensiya upang muling buksan ang mga paaralan kasunod ng mga pangunahing sakuna, kabilang ang mga sunog.

(c) Alisin ang amag, asbestos, at iba pang mapanganib na materyal sa mga silid-aralan at lead mula sa inuming tubig ng mga paaralan.

(d) Ayusin at palitan ang mga nalulumang gusali ng pampublikong paaralan.

(e) Maglaan ng espasyo para sa mga nars at tagapayo ng paaralan upang pataasin ang akses ng mga mag-aaral sa mga serbisyong pangangalagang pangkalusugan at kalusugang pangkaisipan.

(f) Isamoderno ang mga pasilidad sa trabaho, career, at bokasyonal na pagsasanay, kabilang ang para sa mga beteranong bumabalik mula sa tungkulin.

(g) Mag-atas ng mga independiyenteng awdit at pampublikong pagdinig upang magkaroon ng pananagutan para sa mga dolyar ng mga nagbabayad ng buwis.

(h) Limitahan ang mga gastos sa pangangasiwa sa 5 porsiyento.

101204. Hindi lalampas ng 5 porsiyento ng mga pondong nakalaan alinsunod sa bahaging ito ang maaaring gamitin upang suportahan ang mga gastos para pangasiwaan ang mga programang inawtorisahan ng batas.

KABANATA 2. PRESCHOOL-BAITANG 12

**Artikulo 1. Mga Probisyon ng Programang
Pasilidad ng Paaralan para sa Preschool-
Baitang 12**

101210. Ang mga kikitain ng bonong inilabas at ibinenta alinsunod sa kabanatang ito, hindi kasama ang mga kikitain ng anumang isasauling bono na inilabas alinsunod sa Seksyon 101230, ay idedeposito sa Pondo ng Mga Pasilidad ng Paaralan ng Estado 2020 na itinatag sa Tesorerya ng Estado sa ilalim ng Seksyon 17070.415, at ilalaan ng Lupon ng Paglalaan ng Estado alinsunod sa kabanatang ito.

101211. Ang lahat ng perang idineposito sa Pondo ng Mga Pasilidad ng Paaralan ng Estado 2020, para sa layunin ng kabanatang ito, ay magagamit upang magbigay ng tulong sa mga distrito ng paaralan, mga superintendente ng mga paaralan ng county, at mga lupon ng edukasyon ng county ng estado, alinsunod sa Batas sa Mga Pasilidad ng Paaralan ni Leroy F. Greene 1998 (Kabanata 12.5 (nagsisimula sa Seksyon 17070.10) ng Bahagi 10 ng Dibisyon 1 ng Titulo 1) upang maglaan ng pondo para bayaran ang anumang perang nakuha nang pauna o inutang sa Pondo ng Mga Pasilidad ng Estado 2020 sa ilalim ng anumang batas ng Lehislatura, kasama ng interes na itinakda sa batas na iyon, at isauli ang nagastos sa General Obligation Bond Expense Revolving Fund alinsunod sa Seksyon 16724.5 ng Kodigo ng Pamahalaan.

101212. Ang mga kikitain mula sa pagbebenta ng mga bonong inilabas at ibinenta para sa mga layunin

ng kabanatang ito ay ilalaan alinsunod sa mga sumusunod na iskedyul:

(a) (1) Ang halaga ng dalawang bilyon walong daang milyong dolyar (\$2,800,000,000) para sa pagtatayo ng mga bagong pasilidad ng paaralan ng mga aplikanteng distrito ng paaralan, alinsunod sa Kabanata 12.5 (nagsisimula sa Seksyon 17070.10) ng Bahagi 10 ng Dibisyon 1 ng Titulo 1.

(2) Sa halagang nakalaan sa ilalim ng subdibidsyong ito, hanggang 10 porsiyento ang magagamit sa mga maliliit na distrito ng paaralan, alinsunod sa Artikulo 11.5 (nagsisimula sa Seksyon 17078.40) ng Kabanata 12.5 ng Bahagi 10 ng Dibisyon 1 ng Titulo 1.

(3) Sa halagang nakalaan sa subdibisyon ito, hanggang sa halagang kinakailangan upang pondohan ang listahan ng mga kinikilalang aplikasyon dahil sa kawalan ng awtoridad mula sa mga pangkalahatang obligasyong bono na ipinasa bago ang 2018 na sumusuporta sa pagtatayo ng mga bagong pasilidad ng paaralan alinsunod sa Batas sa Mga Pasilidad ng Paaralan ni Leroy F. Greene (Kabanata 12.5 (nagsisimula sa Seksyon 17070.10) ng Bahagi 10 ng Dibisyon 1 ng Titulo 1) ang magagamit upang suportahan ang mga aplikasyon para sa pagtatayo ng mga bagong pasilidad ng paaralan na isinumite alinsunod sa Batas sa Mga Pasilidad ng Paaralan ni Leroy F. Greene (Kabanata 12.5 (nagsisimula sa Seksyon 17070.10) ng Bahagi 10 ng Dibisyon 1 ng Titulo 1) bago ang Pebrero 29, 2020.

(b) (1) Ang halagang limang bilyon dalawang daang milyong dolyar (\$5,200,000,000) para sa pagsasamoderno ng mga pasilidad ng paaralan alinsunod sa Kabanata 12.5 (nagsisimula sa Seksyon 17070.10) ng Bahagi 10 ng Dibisyon 1 ng Titulo 1.

(2) Sa halagang nakalaan sa ilalim ng subdibidsyong ito, hanggang 10 porsiyento ang magagamit sa mga maliliit na distrito ng paaralan, alinsunod sa Artikulo 11.5 (nagsisimula sa Seksyon 17078.40) ng Kabanata 12.5 ng Bahagi 10 ng Dibisyon 1 ng Titulo 1.

(3) Sa halagang nakalaan sa subdibisyon ito, hanggang sa halagang kinakailangan upang pondohan ang listahan ng mga kinikilalang aplikasyon dahil sa kawalan ng awtoridad mula sa mga pangkalahatang obligasyong bono na ipinasa bago ang 2018 na sumusuporta sa modernisasyon ng mga pasilidad ng paaralan alinsunod sa Batas sa Mga Pasilidad ng Paaralan ni Leroy F. Greene (Kabanata 12.5 (nagsisimula sa Seksyon 17070.10) ng Bahagi 10 ng Dibisyon 1 ng Titulo 1) ang magagamit upang suportahan ang mga aplikasyon para sa modernisasyon ng mga pasilidad ng paaralan na isinumite alinsunod sa Batas sa Mga Pasilidad ng Paaralan ni Leroy F. Greene (Kabanata 12.5 (nagsisimula sa Seksyon

17070.10) ng Bahagi 10 ng Dibisyon 1 ng Titulo 1) bago ang Pebrero 29, 2020.

(4) Sa halagang nakalaan sa ilalim ng talatang ito, hanggang isang daan at limampung milyong dolyar (\$150,000,000) ang magagamit upang tugunan ang lutasin ang problema sa lead sa tubig alinsunod sa Artikulo 10.7 (nagsisimula sa Seksyon 17077.60) ng Kabanata 12.5 ng Bahagi 10 ng Dibisyon 1 ng Titulo 1.

(c) Ang halagang limandaang milyong dolyar (\$500,000,000) ay magagamit para sa paglalaan ng mga pasilidad ng paaralan sa mga charter na paaralan alinsunod sa Artikulo 12 (nagsisimula sa Seksyon 17078.52) ng Kabanata 12.5 ng Bahagi 10 ng Dibisyon 1 ng Titulo 1.

(d) Ang halagang limandaang milyong dolyar (\$500,000,000) ay magagamit para sa mga pasilidad ng mga programang teknikal na edukasyon para sa career, alinsunod sa Artikulo 13 (nagsisimula sa Seksyon 17078.70) ng Kabanata 12.5 ng Bahagi 10 ng Dibisyon 1 ng Titulo 1.

Artikulo 2. Mga Probisyong Piskal ng Mga Pasilidad ng Paaralang Preschool-Baitang 12

101220. (a) Sa kabuuang halaga ng mga bonong awtorisadong ilalabas at ibebenta ayon sa Kabanata 1 (simula sa Seksyon 101200), ang mga bonong nagkakahalaga ng siyam na bilyong dolyar (\$9,000,000,000), maliban sa halaga ng anumang na-refund na bonong inilabas ayon sa Seksyon 101230, ay maaaring ilabas at ibenta para magkapondo na gagamitin sa pagsasagawa ng mga layuning inihayag sa kabanatang ito at para bayaran ang ginastos ng General Obligation Bond Expense Revolving Fund alinsunod sa Seksyon 16724.5 ng Kodigo ng Pamahalaan.

(b) Alinsunod sa seksyong ito, ibebenta ng Treasurer ang mga bonong inawtorisahan ng State School Building Finance Committee, na itinatag ayon sa Seksyon 15909, anumang oras na kailangan para sa kabuuang nagastos sa paglilingkod na kinakailangan ng mga pagbabahagi.

101221. Ang State School Building Finance Committee, na itinatag ng Seksyon 15909 at binubuo ng Gobernador, Controller, Treasurer, Direktor ng Pinansya, at ng Superintendente, o ng kanilang mga itinalagang kinatawan, kung saan ang lahat ay maglilingkod mula roon nang walang kabayaran, at kung saan ang nakararami ay bubuo ng isang korum, ay patuloy na iiral upang tumayo bilang komite, tulad ng inilalarawan sa Batas sa Pangkalahatang Obligasyong Bono ng Estado (Kabanata 4 (nagsisimula sa Seksyon 16720) ng Bahagi 3 ng Dibisyon 4 ng Titulo 2 ng Kodigo ng Pamahalaan), para sa mga layunin ng kabanatang

ito. Ang Treasurer ay magsisilbing tagapangulo ng komite. Dalawang Miyembro ng Senado na itinalaga ng Komite ng Mga Patakaran ng Senado, at dalawang Miyembro ng Asembleyang itinalaga ng Tagapagsalita ng Asembleya, ang makikipagpulong at magbibigay ng payo sa komite sa hangganang tumutugma ang paglahok ng mga tagapayo sa mga kani-kanilang nauukol na posisyon bilang mga Miyembro ng Lehislatura. Para sa mga layunin ng kabanatang ito, ang mga Miyembro ng Lehislatura ay bubuo ng pansamantalang komiteng nag-iimbestiga sa paksa ng kabanatang ito at, bilang komiteng iyon, ay magkakaroon ng mga kapangyarihang ipagkakaloob, at mga tungkuling ipapataw sa, mga komiteng iyon ng Mga Pinag-isang Patakaran ng Senado at Asembleya. Magbibigay ang Direktor ng Pinansya ng tulong sa komite kung kakailanganin nito. Ang Attorney General ay ang legal na tagapayo ng komite.

101222. (a) Ang inawtorisahang bono ng kabanatang ito ay ihahanda, isasagawa, ilalabas, ibebenta, babayaran, at tutubusin ayon sa isinaad sa State General Obligation Bond Law (Kabanata 4 (nasisimula sa Seksyon 16720) ng Bahagi 3 ng Dibisyon 4 ng Pamagat 2 ng Kodigo ng Pamahalaan). Ang mga probisyon ng batas na iyan, kasama na ang lahat ng mga batas na pangwasto at karagdagan nito, ay ipinapairal sa mga awtorisadong bonong iyon at sa kabanatang ito, at sa bisa nito ay isinama sa kabanatang ito na parang ipinahayag dito ng buo sa kabanatang ito, maliban sa mga subdibisyon (a) at (b) ng Seksyon 16727 ng Kodigo ng Pamahalaan ay hindi sasaklaw sa mga bonong inawtorisahan ng kabanatang ito.

(b) Para sa mga layunin ng Batas sa Pangkalahatang Obligasyong Bono ng Estado, ang Lupon sa Paglalaan ng Estado ay itatalaga bilang “lupon” para sa mga layunin ng pamamahala sa Pondo ng Mga Pasilidad ng Paaralan ng Estado ng 2020.

101223. (a) Sa kahilingan ng Lupon sa Paglalaan ng Estado, pagpapasiyahan ng Komite ng Pinansya ng Gusali ng Paaralan ng Estado sa pamamagitan ng resolusyon kung kinakailangan o mainam na maglabas ng mga bonong inawtorisahan alinsunod sa kabanatang ito, upang pondohan ang mga kaugnay na paglalaan at, kung gayon, ang halaga ng mga bonong ilalabas at ibebenta. Ang sunod-sunod na paglabas ng mga bono ay maaaring awtorisahan at ibenta para pondohan ang mga paglalaan na iyan nang makakasunod, at hindi kinakailangan na ang lahat ng mga bono ay awtorisado para mailabas para maibenta sa anumang oras nang minsanan.

(b) Susuportahan ng pagpapahayag ng mga paglalaan isinagawa at gagawin ang isang kahilingan ng Lupon sa Paglalaan ng Estado alinsunod sa subdibisyon (a) para sa mga layuning inilarawan sa Seksyon 101212.

101224. Mangongolekta taon-taon, sa parehong paraan at sa parehong panahon na kinokolekta ang ibang kita ng estado, at dagdag sa mga karaniwang kinikita ng estado, ng kabuuang halaga na kinakailangan upang bayaran ang prinsipal ng, at interes sa, mga bono kada taon. Tungkulin ng lahat ng opisyal na inatasan ng batas ng anumang tungkuling kaugnay ng pangongolekta ng kita na gawin at isakatuparan ang bawat isa sa mga gawaing kinakailangan upang makolekta ang karagdagang kabuuang halaga na iyon.

101225. Sa kabila ng Seksyon 13340 ng Kodigo ng Pamahalaan, sa bisa nito ang mga ito ay iniaangkop mula sa General Fund sa State Treasury, para sa mga layunin ng kabanatang ito, isang halagang tumutumbas sa kabuuan ng mga sumusunod:

(a) Ang kabuuang taunang kinakailangan upang mabayaran ang prinsipal, at interes sa, mga bonong inilabas at naibenta alinsunod sa kabanatang ito, kapag ang prinsipal at interes ay kinakailangan nang bayaran.

(b) Ang kabuuang kinakailangan upang masunod ang Seksyon 101228, iniangkop nang walang pagsangguni sa mga taon ng pananalapi.

101226. Ang Lupon sa Paglalaan ng Estado ay maaaring humiling sa Pooled Money Investment Board na umutang mula sa Pooled Money Investment Account o anumang iba pang inaprubahang uri ng interim financing, alinsunod sa Seksyon 16312 ng Kodigo ng Pamahalaan, para sa layunin ng pagpapatupad sa kabanatang ito. Ang dami ng mga kahilingan ay hindi hihigit sa dami ng mga hindi natindang bonong ipinahintulot ng komite sa pamamagitan ng resolusyon, na maibenta para sa layuning pagpapatupad ng kabanatang ito maliban sa anumang mga bonong pangpondo na inawtorisahan alinsunod sa Seksyon 101230, na babawasan ng anumang halagang inutang at hindi pa muling nabayaran alinsunod sa seksyong ito at nai-withdraw mula sa General Fund alinsunod sa Seksyon 101228 at hindi pa naibabalik. Ipatatupad ng Lupon sa Paglalaan ng Estado ang anumang mga dokumentong hinihingi ng Pooled Money Investment Board upang makuha at mabayaran ang utang. Ang anumang halagang inutang ay idedeposito sa Pondo ng Mga Pasilidad ng Paaralan ng Estado 2020 upang mailaan ng Lupon sa Paglalaan ng Estado alinsunod sa kabanatang ito.

101227. Sa kabila ng anumang ibang probisyon ng kabanatang ito, o ng State General Obligation

Bond Law, kung ang Treasurer ay nagbenta ng mga bono alinsunod sa kabanatang ito na may kasamang opinyon ng tagapagpayo tungkol sa bono para ang interes sa mga bono ay maibubukod mula sa gross income para sa layuning pederal na pagbubuwis sa ilalim ng mga itinalagang kondisyon o kaya ay nararapat sa anumang pederal na benepisyong sa buwis, ang Treasurer ay maaaring magpanatili ng mga hiwalay na account para sa pamumuhunan ng tubo sa bono at para sa mga kita sa pamumuhunan ng mga nasabing tubo. Maaaring gamitin o direktang gamitin ng Treasurer ang mga tubo o kita na iyan para bayaran ang anumang rebate, multa, o mga ibang bayad na kinakailangan sa ilalim ng pederal na batas o magsagawa ng ibang hakbangkaugnay ng pamumuhunan at paggamit ng mga tubo sa bono na kailangan o kanais-nais sa ilalim ng pederal na batas para mapanatili ang estadong tax-exempt ng mga nasabing bono at para makuha ang anumang ibang benepisyong sa ilalim ng pederal na batas sa ngalan ng mga pondo ng estadong ito.

101228. Para sa mga layunin ng pagpapatupad ng kabanatang ito, maaaring pahintulutan ng Direktor ng Pananalapi ang pag-withdraw mula sa General Fund ng halagang hindi hihigit sa halaga ng mga hindi nabentang bono, maliban sa anumang pag-refund ng mga bonong ipinagpapahintulot alinsunod sa Seksyon 101230, na babawasan ng anumang halagang inutang at hindi pa nababayaran alinsunod sa seksyong ito at nai-withdraw mula sa General Fund alinsunod sa Seksyon 101226 at hindi pa naibabalik, na ipinagpahintulot ng State School Building Finance Committee para maibenta para sa layuning pagpapatupad ng kabanatang ito. Ang anumang halagang winidthraw ay idedeposito sa Pondo ng Mga Pasilidad ng Paaralan ng Estado 2020 at ilalaan ng Lupon sa Paglalaan ng Estado alinsunod sa kabanatang ito. Ang anumang pera na magagamit sa ilalim ng seksyong ito ay ibabalik sa General Fund, pati ang halagang katumbas ng interes na sana ay kikitain ng pera sa Pooled Money Investment Account, mula sa mga tubong natanggap mula sa pagbebenta ng mga bond para sa mga layunin ng pagpapatupad sa kabanatang ito.

101229. Lahat ng perang naideposito sa 2020 State School Facilities Fund na nakuha mula sa premium at naipong interes sa mga naibentang bond alinsunod sa kabanatang ito ay irereserba sa pondo at magagamit para sa paglilipat sa General Fund bilang credit sa mga paggasta para sa interes ng bond, maliban sa yaong mga halagang nakuha mula sa premium na maaaring irereserba at gamitin upang bayaran ang gastos sa paglalabas ng bono bago ang anumang paglilipat sa General Fund.

101230. Ang mga bonong inilabas at ibinenta alinsunod sa kabanatang ito ay maaaring i-refund ayon sa Artikulo 6 (simula sa Seksyon 16780) ng Kabanata 4 ng Bahagi 3 ng Dibisyon 4 ng Pamagat 2 ng Kodigo ng Pamahalaan, na bahagi ng State General Obligation Bond Law. Kasama sa pag-apruba ng mga botante ng estado para sa paglalabas ng mga bonong na inilarawan sa kabanatang ito, ang pag-apruba ng paglalabas ng anumang bonong inilabas para i-refund ang anumang bonong dating inilabas sa ilalim ng kabanatang ito o anumang inilabas na bonong na pangpondo noon. Ang anumang nai-refund na bono gamit ang mga tubo sa mga bonong pangpondo ayon sa pinahintulutan ng seksyong ito ay maaaring legal na defeased hanggang sa pinapahintulutan ng batas sa paraan at hangganang itinakda sa resolusyon, ayon sa sinusugan paminsan-minsan, na nagpapahintulot sa na-refund na bonong iyon.

101231. Ang mga tubo mula sa pagbebenta ng mga bonong pinahintulutan ng kabanatang ito ay hindi “mga tubo ng buwis” dahil ang terminong iyon ay ginagamit sa Artikulo XIII B ng Konstitusyon ng California, at ang paggugol ng mga tubong ito ay hindi napapailalim sa mga hangganang ipinapataw ng artikulong iyon.

KABANATA 3. MGA PASILIDAD NG CALIFORNIA COMMUNITY COLLEGE

Artikulo 1. Mga Pangkalahatang Probisyon

101240. (a) Ang 2020 California Community College Capital Outlay Bond Fund ay itinatag sa State Treasury para sa pagdedeposito ng mga pondo mula sa mga tubo sa bono, hindi kasama ang mga tubo sa anumang pag-refund ng mga bonong inilabas alinsunod sa Seksyon 101251, na inilabas at ibinenta para sa mga layunin ng kabanatang ito.

(b) Ang Higher Education Facilities Finance Committee na itinatag alinsunod sa Seksyon 67353 ay patuloy na iiral upang kumilos bilang isang komite, ayon sa inilalarawan sa State General Obligation Bond Law (Kabanata 4 (nagsisimula sa Seksyon 16720) ng Bahagi 3 ng Dibisyon 4 ng Titulo 2 ng Kodigo ng Pamahalaan), para sa mga layunin ng kabanatang ito at upang pondohan para matulungan ang California Community Colleges.

Artikulo 2. Mga Probisyon ng Programa ng California Community College

101241. (a) Mula sa mga tubo sa mga bonong inilabas at ibinenta alinsunod sa Artikulo 3 (na nagsisimula sa Seksyon 101242), ang kabuuang halaga ng dalawang bilyong dolyar (\$2,000,000,000) ay idedeposito sa 2020 California Community College Capital Outlay Bond Fund para sa mga layunin ng kabanatang ito. Kung naaangkop, ang mga pondong

ito ay magagamit na panggasta para sa mga layunin ng kabanatang ito.

(b) Kasama sa mga layunin ng kabanatang ito ang pagtulong sa pagtugon sa mga pinansiyal na pangangailangan ng capital outlay ng California Community Colleges.

(c) Ang mga kikitain mula sa pagbebenta ng mga bono na nailabas at ibinenta para sa layunin ng kabanatang ito ay maaaring gamitin upang pondohan ang konstruksyon sa mga umiiral na kampus, kabilang ang pagtatayo ng mga gusali at pagtatamo ng mga kaugnay na ikakabit, pagtatayo ng mga intersegmental na pasilidad, pagkukumpuni at muling pagtatayo ng mga pasilidad, pagtatamo ng espasyo, paglalagay ng kagamitan sa mga bago, kinumpuni, o muling itinayong pasilidad, kung saan ang kagamitan ay magkakaroon ng karaniwang haba ng pagiging kapaki-pakinabang na 10 taon, at upang maglaan ng mga pondo para sa pagbabayad ng mga gastos bago ang pagtatayo, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, mga paunang plano at gumaganang pagguhit ng mga pasilidad ng California Community Colleges.

(d) Para sa mga layunin ng seksyong ito, ang “intersegmental” ay nangangahulugang maaari itong gamitin ng higit sa isang bahagi ng pampublikong mataas na edukasyon.

Artikulo 3. Mga Probisyon sa Pananalapi ng California Community College

101242. (a) Sa kabuuang halaga ng mga bonong inawtorisahang ilabas at ibenta ayon sa Kabanata 1 (nagsisimula sa Seksyon 101200), ang mga bonong nagkakahalaga ng dalawang bilyong dolyar (\$2,000,000,000), maliban sa halaga ng anumang na-refund na bonong inilabas ayon sa Seksyon 101251, ay maaaring ilabas at ibenta upang maglaan ng pondong gagamitin sa pagsasakatuparan ng mga layuning inihayag sa kabanatang ito at para bayaran ang nagastos ng General Obligation Bond Expense Revolving Fund alinsunod sa Seksyon 16724.5 ng Kodigo ng Pamahalaan.

(b) Alinsunod sa seksyong ito, ibebenta ng Treasurer ang mga bonong inawtorisahan ng Higher Education Facilities Finance Committee na itinatag ayon sa Seksyon 67353 sa anumang magkakaibang oras na kailangan para sa kabuuang nagastos sa paglilingkod na kinakailangan ng mga pagbabahagi.

101243. (a) Ang inawtorisahang bono ng kabanatang ito ay ihahanda, isasagawa, ilalabas, ibebenta, babayaran, at tutubusin ayon sa isinaad sa State General Obligation Bond Law (Kabanata 4 (nasisimula sa Seksyon 16720) ng Bahagi 3 ng Dibisyon 4 ng Pamagat 2 ng Kodigo ng Pamahalaan). Ang mga probisyon ng batas na iyan, kasama na ang lahat ng mga batas na pangwasto at karagdagan nito,

ay ipinapairal sa mga awtorisadong bonong iyon at sa kabanatang ito, at sa bisa nito ay isinama sa kabanatang ito na parang ipinahayag dito ng buo sa kabanatang ito, maliban sa mga subdibisyon (a) at (b) ng Seksyon 16727 ng Kodigo ng Pamahalaan ay hindi sasaklaw sa mga bonong inawtorisahan ng kabanatang ito.

(b) Para sa mga layunin ng State General Obligation Bond Law, ang bawat ahensiya ng estado na namamahala sa paglalaan ng 2020 Community College Capital Outlay Bond Fund ay itinatalaga bilang “lupon” para sa mga proyektong pinopondohan ayon sa kabanatang ito.

(c) Ang mga tubo ng bonong inilabas at ibinenta alinsunod sa kabanatang ito ay magagamit para sa layunin ng pagbibigay ng tulong na pondo sa California Community Colleges para sa konstruksiyon sa mga umiiral o bagong kampus, at ang kani-kanilang sentro sa labas ng kampus at pinagsamang paggamit at intersegmental na mga pasilidad, ayon sa nakasaad sa kabanatang ito.

101244. Ang Higher Education Facilities Finance Committee na itinatag ayon sa Seksyon 67353 ay mag-aawtorisa lamang ng paglalabas ng mga bono sa ilalim ng kabanatang ito hanggang sa kinakailangan para pondohan ang mga kaugnay na paglalaan para sa mga layuning inilarawan sa kabanatang ito na hayagang inawtorisahan ng Lehislatura sa taunang Batas sa Badyet. Ayon sa direksyon ng lehislatura, pagpapasiyahan ng komite sa pamamagitan ng resolusyon kung kinakailangan o kanais-nais bang maglabas ng mga bono na inawtorisahan alinsunod sa kabanatang ito para maisakatuparan ang mga layuning inilarawan sa kabanatang ito at, kung gayon, ang halaga ng mga bonong ilalabas at ibebenta. Ang sunod-sunod na paglabas ng mga bond ay maaaring awtorisahan at ibenta para isagawa ang mga hakbang na iyan nang makakasunod, at hindi kinakailangan na ang lahat ng mga bond ay awtorisado para mailabas para maibenta sa anumang oras nang minsanan.

101245. Ang mga ito ay kokolektahin sa bawat taon at sa parehong paraan at sa parehong panahon na tulad ng pagkolekta ng kita ng ibang estado, dagdag pa sa mga ibang kita ng estado, ang kabuuan sa halagang kinakailangan para mabayaran ang prinsipal, at interes sa, mga bond sa bawat taon. Tungkulin ng lahat ng opisyal na inatasan ng batas ng anumang tungkuling kaugnay ng pangongolekta ng kita na gawin at isakatuparan ang bawat isa sa mga gawaing kinakailangan upang makolekta ang karagdagang kabuuang halaga na iyon.

101246. Sa kabila ng Seksyon 13340 ng Kodigo ng Pamahalaan, sa bisa nito ang mga ito ay iniaangkop mula sa General Fund sa State Treasury, para sa mga layunin ng kabanatang ito, isang

halagang tumutumbas sa kabuuan ng mga sumusunod:

(a) Ang kabuuang taunang kinakailangan upang mabayaran ang prinsipal, at interes sa, mga bonong inilabas at naibenta alinsunod sa kabanatang ito, kapag ang prinsipal at interes ay kinakailangan nang bayaran.

(b) Ang kabuuang halaga na kinakailangan upang maisakatuparan ang Seksyon 101249, na inilaan nang walang pagsasaalang-alang sa mga taon ng pananalapi.

101247. Ang lupon, ayon sa paglalarawan sa subdibisyon (b) ng Seksyon 101243, ay maaaring humiling sa Pooled Money Investment Board na umutang mula sa Pooled Money Investment Account o anumang iba pang inaprubahang uri ng pansamantalang pagpopondo, alinsunod sa Seksyon 16312 ng Kodigo ng Pamahalaan, para sa layunin ng pagsasakatuparan ng kabanatang ito. Ang dami ng mga kahilingan ay hindi hihigit sa dami ng mga hindi natindang bond na ipinahintulot ng Higher Education Facilities Finance Committee, sa pamamagitan ng resolusyon, na maibenta para sa layuning pagpapatupad ng kabanatang ito maliban sa anumang mga bonong pangpondo na inawtorisahan alinsunod sa Seksyon 101251, na babawasan ng anumang halagang inutang at hindi pa muling nabayaran alinsunod sa seksyong ito at nai-withdraw mula sa General Fund alinsunod sa Seksyon 101249 at hindi pa naibabalik. Ipatupad ng lupon, ayon sa inilagay na kahulugan sa subdibisyon (b) ng Seksyon 101243, ang anumang mga dokumento na kinakailangan ng Pooled Money Investment Board para makuha at muling mabayaran ang utang. Ang anumang halagang inutang ay idedeposito sa 2020 California Community College Capital Outlay Bond Fund at ilalaan sa pamamagitan ng lupon alinsunod sa kabanatang ito.

101248. Sa kabila ng anumang ibang probisyon ng kabanatang ito, o ng State General Obligation Bond Law, kung ang Treasurer ay nagbenta ng mga bono alinsunod sa kabanatang ito na may kasamang opinyon ng tagapagpayo tungkol sa bono para ang interes sa mga bono ay maibubukod mula sa gross income para sa layuning pederal na pagbubuwis sa ilalim ng mga itinalagang kondisyon o kaya ay nararapat sa anumang pederal na benepisyo sa buwis, ang Treasurer ay maaaring magpanatili ng mga hiwalay na account para sa pamumuhunan ng tubo sa bono at para sa mga kita sa pamumuhunan ng mga nasabing tubo. Maaaring gamitin o direktang gamitin ng Treasurer ang mga tubo o kita na iyan para bayaran ang anumang rebate, multa, o mga ibang bayad na kinakailangan sa ilalim ng pederal na batas o magsagawa ng ibang hakbangkaugnay ng pamumuhunan at paggamit ng mga tubo sa bono na

kailangan o kanais-nais sa ilalim ng pederal na batas para mapanatili ang estadong tax-exempt ng mga nasabing bono at para makuha ang anumang ibang benepisyo sa ilalim ng pederal na bata sa ngalan ng mga pondo ng estadong ito.

101249. (a) Para sa mga layunin ng pagpapatupad ng kabanatang ito, maaaring pahintulutan ng Direktor ng Pananalapi ang pag-withdraw mula sa General Fund ng halagang hindi hihigit sa halaga ng mga hindi nabentang bono, maliban sa anumang pag-refund ng mga bond na ipinagpapahintulot alinsunod sa Seksyon 101251, na babawasan ng anumang halagang inutang at hindi pa nababayaran alinsunod sa seksyong ito at nai-withdraw mula sa General Fund alinsunod sa Seksyon 101247 at hindi pa naibabalik, na ipinagpahintulot ng Higher Education Facilities Finance Committee para maibenta para sa layuning pagpapatupad ng kabanatang ito. Ang anumang mga halaga na nai-withdraw ay idedeposito sa 2020 California Community College Capital Outlay Bond Fund ayon sa itinakda sa kabanatang ito. Ang anumang pera na magagamit sa ilalim ng seksyong ito ay ibabalik sa General Fund, pati ang halagang katumbas ng interes na sana ay kikitain ng pera sa Pooled Money Investment Account, mula sa mga tubong natanggap mula sa pagbebenta ng mga bond para sa mga layunin ng pagpapatupad sa kabanatang ito.

(b) Ang anumang kahilingang ipinasa sa Lehislatura at Department of Finance para sa mga pondo mula sa paglabas ng bono para sa paggasta para sa mga layuning inilarawan sa kabanatang ito sa pamamagitan ng California Community Colleges ay sasamahan ng limang-taon na plano ng capital outlay na sumasalamín sa mga pangangailangan at prayoridad ng sistema ng kolehiyo sa komunidad at ginawang prayoridad sa kabuuan ng estado. Kasama sa mga kahilingan ang iskedyl na nagbibigay-prayoridad sa pagpapatibay ng mga istraktura laban sa pagyanig ng lupa na kinakailangan para mabawasan nang malaki, ayon sa pagpapasya ng partikular na kolehiyo, ang mga panganib sa pagyanig ng lupa sa mga gusaling natukoy na pinakaprayoridad ng kolehiyo.

101250. Ang lahat ng mga perang naideposito sa 2020 California Community College Capital Outlay Bond Fund na nakuha mula sa premium at naipong interes sa mga nabentang bono alinsunod sa kabanatang ito ay kailangang ireserba sa pondo at magagamit para sa paglipat sa General Fund bilang credit sa mga gastusin para sa interes ng bono, maliban kung ang mga halagang nakita mula sa premium ay maaaring ireserba at gamitin para sa gastusin ng paglabas ng bono bago ang anumang paglipat sa General Fund.

101251. Ang mga bono na inilabas at ibinenta alinsunod sa kabanatang ito ay maaaring i-refund

ayon sa Artikulo 6 (simula sa Seksyon 16780) ng Kabanata 4 ng Bahagi 3 ng Dibisyon 4 ng Pamagat 2 ng Kodigo ng Pamahalaan, na bahagi ng State General Obligation Bond Law. Kasama sa pag-apruba ng mga botante ng estado para sa paglalabas ng mga bonong inilarawan sa kabanatang ito, ang pag-apruba ng paglalabas ng anumang bonong inilabas para i-refund ang anumang bonong dating inilabas sa ilalim ng kabanatang ito o anumang inilabas na bonong pangpondo noon. Ang anumang nai-refund na bono gamit ang mga tubo sa mga bonong pangpondo ayon sa pinahintulutan ng seksyong ito ay maaaring legal na defeased hanggang sa pinapahintulutan ng batas sa paraan at hangganang itinakda sa resolusyon, ayon sa sinusugan paminsan-minsan, na nagpapahintulot sa na-refund na bond na iyon.

101252. Ang mga tubo sa pagbenta ng mga bono na inawtorisahan ng kabanatang ito ay hindi mga “kita sa mga buwis” dahil ang terminong ito ay ginamit sa Artikulo XIII B ng Konstitusyon ng California, at ang paggastos sa mga tubong ito ay hindi sasailalim sa mga limitasyong ipinataw ng artikulong iyan.

KABANATA 4. MGA PASILIDAD NG UNIBERSIDAD

Artikulo 1. Mga Pangkalahatang Probisyon

101300. (a) Kasama sa sistema ng mga pampublikong unibersidad sa estadong ito ang University of California, ang Hastings College of the Law, at ang California State University, at ang mga center nila sa labas ng kani-kanilang campus.

(b) Alinsunod dito ang 2020 University Capital Outlay Bond Fund ay itinatag sa State Treasury para sa deposito ng mga pondo mula sa mga tubo sa bono, hindi kasama ang mga tubo sa anumang pag-refund ng mga bonong inilabas alinsunod sa Seksyon 101339, inilabas at ibinenta parasa mga layunin ng kabanatang ito.

(c) (1) Ipinagpapatuloy ng Higher Education Facilities Finance Committee na itinatag alinsunod sa Seksyon 67353 ang pananatiling pagkilos bilang isang komite, ayon sa ibinigay na kahulugan sa General Obligation Bond Law (Kabanata 4 (nagsisimula sa Seksyon 16720) ng Bahagi 3 ng Dibisyon 4 ng Pamagat 2 ng Kodigo ng Pamahalaan), para sa mga layunin ng kabanatang ito na ponduhan para matulungan ang University of California, ang Hastings College of the Law, at ng California State University.

(2) Ang pagdaragdag ng Hastings College of the Law sa seksyong ito ang nagpapalinaw ng pakay ng Lehislatura tungkol sa, at hindi nilalayong markahan ang pagbabago sa, mga awtorisasyon ng pagpondo na ginawa ng Seksyon 67354, na ihinayag sa Higher Education Facilities Bond Act ng 1986, o sa

pamamagitan ng Seksyon 67334, na ihinayag sa Higher Education Facilities Bond Act ng 1988.

Artikulo 2. Mga Probisyon ng Programa na Akma

sa University of California at
sa Hastings College of the Law

101310. (a) Mula sa mga tubo sa mga bonong inilabas at ibinenta alinsunod sa Artikulo 4 (na nagsisimula sa Seksyon 101330), ang kabuuan ng dalawang bilyong dolyar (\$2,000,000,000) ay idedeposito sa 2020 University Capital Outlay Bond Fund para sa mga layunin ng kabanatang ito. Kung naaangkop, ang mga pondong ito ay magagamit na panggasta para sa mga layunin ng kabanatang ito.

(b) Kasama sa mga layunin ng kabanatang ito ang pagtulong sa pagtugon sa mga pinansiyal na pangangailangan sa capital outlay ng University of California at ng Hastings College of the Law.

(c) Ang mga tubo sa mga inilabas at ibinenta na bonds alinsunod sa kabanatang ito ay bukas para sa alinman sa mga sumusunod:

(1) Ang pagpapatayo, pagpapanibago ng pagkakapatayo, at pagre-remodel ng kasalukuyan o bago na pasilidad, kasama na ang pagpapatayo ng mga gusali at pagbili ng mga nauugnay na fixture.

(2) Ang paglalagay ng kasangkapan sa bago, pinaganda, o muling ipinatayo na mga pasilidad.

(3) Ang pagbayad ng mga gastusin bago ang konstruksiyon, kasama na, ngunit hindi nangangahulugang limitado sa, mga panimulang plano at mga drowing sa trabaho.

(4) Ang renobasyon at muling pagpapatayo ng mga pasilidad.

(5) Ang pagpapatayo o pagpapaganda ng mga pasilidad sa labas at sa loob ng campus ng University of California na inaprobahan ng Regents ng University of California, kasama na ang pagbili ng mga lugar kung saan ipapatayo ang mga pasilidad na ito.

Artikulo 3. Mga Probisyon ng Programa na Akma

sa California State University

101320. (a) Mula sa mga tubo sa mga bonong inilabas at ibinenta alinsunod sa Artikulo 4 (na nagsisimula sa Seksyon 101330), ang kabuuan ng dalawang bilyong dolyar (\$2,000,000,000) ay idedeposito sa 2020 University Capital Outlay Bond Fund para sa mga layunin ng kabanatang ito. Kung naaangkop, ang mga pondong ito ay magagamit na panggasta para sa mga layunin ng kabanatang ito.

(b) Kasama sa mga layunin ng kabanatang ito ang patulong sa pagtugon sa mga pinansiyal na pangangailangan ng capital outlay ng California State University.

(c) Ang mga tubo sa mga inilabas at ibinenta na bonds alinsunod sa kabanatang ito ay bukas para sa alinman sa mga sumusunod:

(1) Ang pagpapatayo, pagpapanibago ng pagkakapatayo, at pagre-model ng kasalukuyan o bago na pasilidad, kasama na ang pagpapatayo ng mga gusali at pagbili ng mga nauugnay na fixture.

(2) Ang paglalagay ng kasangkapan sa bago, pinaganda, o muling ipinatayo na mga pasilidad.

(3) Ang pagbayad ng mga gastusin bago ang konstruksiyon, kasama na, ngunit hindi nangangahulugang limitado sa, mga panimulang plano at mga drowing sa trabaho.

(4) Ang renobasyon at muling pagpapatayo ng mga pasilidad.

(5) Ang pagpapatayo o pagpapaganda ng mga pasilidad sa labas ng campus at sa loob ng campus ng California State University na inaprobahan ng Board of Trustees ng California State University, kasama na ang pagbili ng mga lugar kung saan ipapatayo ang mga pasilidad na ito.

Artikulo 4. Mga Probisyon sa Pananalapi ng Unibersidad

101330. (a) Sa kabuuang halaga ng mga bonong awtorisadong ilalabas at ibebenta ayon sa Kabanata 1 (simula sa Seksyon 101200), ang mga bonong nagkakahalaga ng apat na bilyong dolyar (\$4,000,000,000), maliban sa halaga ng anumang na-refund na bonong inilabas ayon sa Seksyon 101339, ay maaaring ilabas at ibenta para magkapondo na gagamitin sa pagsasagawa ng mga layuning inihayag sa kabanatang ito at para bayaran ang ginastos ng General Obligation Bond Expense Revolving Fund alinsunod sa Seksyon 16724.5 ng Kodigo ng Pamahalaan.

(b) Alinsunod sa seksyong ito, ibebenta ng Treasurer ang mga bonong inawtorisahan ng Higher Education Facilities Committee, na itinatag ayon sa Seksyon 67353, sa anumang magkakaibang oras na kailangan para sa kabuuang nagastos sa paglilingkod na kinakailangan ng mga pagbabahagi.

(c) (1) Layunin ng Lehislatura na taun-taong isaalang-alang ng University of California at ng California State University ang pagsama ng mga intersegmental na pasilidad bilang bahagi ng taunang proseso ng pagpapalano ng capital outlay ng mga naturang institusyon at na, sa mismo o bago ang ika-15 ng Mayo kada taon, mag-uulat ang mga entidad na iyon tungkol sa kanilang napag-

alaman sa mga budget committee ng bawat sangay ng Lehislatura.

(2) Ang layunin ng subdibisyong ito, ang “intersegmental” ay nangangahulugang maaaring gamitin ng higit sa isang bahagi ng mas mataas na edukasyong pampubliko.

101331. (a) Ang inawtorisahang bono ng kabanatang ito ay ihahanda, isasagawa, ilalabas, ibebenta, babayaran, at tutubusin ayon sa isinaad sa State General Obligation Bond Law (Kabanata 4 (nasisimula sa Seksyon 16720) ng Bahagi 3 ng Dibisyon 4 ng Pamagat 2 ng Kodigo ng Pamahalaan). Ang mga probisyon ng batas na iyan, kasama na ang lahat ng mga batas na pangwasto at karagdagan nito, ay ipinapairal sa mga awtorisadong bonong iyon at sa kabanatang ito, at sa bisa nito ay isinama sa kabanatang ito na parang ipinahayag dito ng buo sa kabanatang ito, maliban sa mga subdibisyon (a) at (b) ng Seksyon 16727 ng Kodigo ng Pamahalaan ay hindi sasaklaw sa mga bond na inawtorisahan ng kabanatang ito.

(b) Para sa mga layunin ng State General Obligation Bond Law, ang bawat ahensiya ng estado na namamahala sa paglalaan ng 2020 University Capital Outlay Bond Fund ay itinalaga bilang “board” para sa mga proyekto pinonduhan ayon sa kabanatang ito.

(c) Ang mga tubo ng bonong inilabas at ibinenta ayon sa kabanatang ito ay mabibili para sa layunin na pantulong na pondo sa University of California, ang Hastings College of the Law, at ang California State University, para sa konstruksiyon ng mga kasalukuyan o bagong campus, at ang mga center sa labas ng kani-kanilang campus, at pinagsamang paggamit at intersegmental na mga pasilidad, ayon sa nakasaad sa kabanatang ito.

101332. Ang Higher Education Facilities Finance Committee na itinatag ayon sa Seksyon 67353 ang mag-aawtorisa ng paglabas ng mga bono sa ilalim ng kabanatang ito hanggang lamang sa kinakailangan para ponduhan ang paglalaan para sa mga layuning inilarawan sa kabanatang ito na hayagang inawtorisahan ng Lehislatura sa taunang Batas sa Badyet. Ayon sa tagubilin ng direksyon ng lehislatura, tutukuyin ng komite kung kailangan o hindi o kanais-nais na maglabas ng mga bond na inawtorisahan ayon sa kabanatang ito para maisagawa ang mga layuning inilarawan sa kabanatang ito at, kung ganun, ang halaga ng mga bond na ilalabas at ibebenta. Ang sunod-sunod na paglabas ng mga bond ay maaaring awtorisahan at ibenta para isagawa ang mga hakbang na iyan nang makakasunod, at hindi kinakailangan na ang lahat ng mga bono ay awtorisado para mailabas para maibenta sa anumang oras nang minsanan.

101333. Ang mga ito ay kokolektahin sa bawat taon at sa parehong paraan at sa parehong panahon na tulad ng pagkolekta ng kita ng ibang estado, dagdag pa sa mga ibang kita ng estado, ang kabuuan sa halagang kinakailangan para mabayaran ang prinsipal, at interes sa, mga bond sa bawat taon. Gampanin ng lahat ng kawaning inatasan ng batas ng anumang gampanin hinggil sa pangongolekta ng kita na gawin at isagawa ang lahat ng pagkilos na kinakailangan upang makolekta ang karagdagang kabuuang iyon.

101334. Sa kabila ng Seksyon 13340 ng Kodigo ng Pamahalaan, sa bisa nito ang mga ito ay iniangkop mula sa General Fund sa State Treasury, para sa mga layunin ng kabanatang ito, isang halagang tumutumbas sa kabuuan ng mga sumusunod:

(a) Ang kabuuang taunang kinakailangan upang mabayaran ang prinsipal, at interes sa, mga bonong inilabas at naibenta alinsunod sa kabanatang ito, kapag ang prinsipal at interes ay kinakailangan nang bayaran.

(b) Ang kabuuang kinakailangan upang masunod ang Seksyon 101337, iniangkop nang walang pagsangguni sa mga taon ng pananalapi.

101335. Ang lupon, ayon sa pakahulugan sa subdibisyon (b) ng Seksyon 101331, ay maaaring humiling sa Pooled Money Investment Board na umutang mula sa Pooled Money Investment Account o anumang iba pang inaprubahang uri ng interim financing, alinsunod sa Seksyon 16312 ng Kodigo ng Pamahalaan, para sa layunin ng pagpapatupad sa kabanatang ito. Ang dami ng mga kahilingan ay hindi dapat hihigit sa dami ng mga hindi naibentang bond na pinahintulutan ng Higher Education Facilities Finance Committee, sa pamamagitan ng resolusyon, na maibenta para sa layunin ng pagpapatupad ng kabanatang ito, maliban sa anumang bond na pangpondo alinsunod sa Seksyon 101339. Lalagdaan ng lupon, ayon sa pakahulugan sa subdibisyon (b) ng Seksyon 101331, ang anumang dokumentong kinakailangan ng Pooled Money Investment Board upang makuha at mabayaran ang utang. Ang anumang inutang na halaga ay idedeposito sa 2020 University Capital Outlay Bond Fund at ilalaan ng lupon alinsunod sa kabanatang ito.

101336. Sa kabila ng anumang iba pang probisyon ng kabanatang ito, o ng State General Obligation Bond Law, kung ang Treasurer ay magbebenta ng mga bond alinsunod sa kabanatang ito na may kasamang opinyon ng tagapayo tungkol sa bono upang maibukod ang mga interes sa mga bono mula sa gross income para sa mga layunin ng pederal na pagbubuwis sa ilalim ng mga itinalagang kondisyon, o kaya ay nararapat sa anumang pederal na benepisyo sa pagbubuwis, maaaring magpanatali ang Treasurer

ng dalawang magkahiwalay na account para sa pamumuhunan ng mga tubo ng bond at para sa pamumuhunan ng mga kita ng mga nasabing tubo. Maaaring gamitin o iatas ng Treasurer ang paggamit ng mga tubo o kitang iyon para bayaran ang anumang rebate, multa, o iba pang kinakailangang pagbabayad sa ilalim ng pederal na batas o magsagawa ng anumang iba pang pagkilos hinggil sa pamumuhunan o paggamit ng mga tubo ng bonong iyon na kinakailangan o mainam sa ilalim ng pederal na batas upang mapanatili ang kalagayang tax-exempt ng mga bonong iyon at upang makakuha ng anumang iba pang benepisyo sa ilalim ng pederal na batas para sa kapakanan ng mga pondo ng estadong ito.

101337. (a) Para sa mga layunin ng pagpapatupad ng kabanatang ito, maaaring pahintulutan ng Direktor ng Pananalapi ang paglalabas mula sa General Fund ng halagang hindi hihigit sa halaga ng mga hindi naibentang bond, maliban sa anumang pinahintulutang pagpopondong muli ng mga bond alinsunod sa Seksyon 101339, na pinahintulutan ng Higher Education Facilities Finance Committee na maibenta para sa layunin ng pagpapatupad ng kabanatang ito. Ang anumang halagang nailabas ay idedeposito sa 2020 University Capital Outlay Bond Fund alinsunod sa kabanatang ito. Ang anumang pera na magagamit sa ilalim ng seksyong ito ay ibabalik sa General Fund, pati ang halagang katumbas ng interes na sana ay kikitain ng pera sa Pooled Money Investment Account, mula sa mga tubong natanggap mula sa pagbebenta ng mga bond para sa mga layunin ng pagpapatupad sa kabanatang ito.

(b) Ang anumang kahilingang ipinasa sa Lehislatura at sa Department of Finance para sa mga pondo mula sa paglalabas ng bond na ito para sa paggasta para sa mga layuning inilarawan sa kabanatang ito ng University of California, ng Hastings College of the Law, o ng California State University ay lalakipan ng pareho ng mga sumusunod:

(1) Ang limang taong plano ng capital outlay ng partikular na unibersidad o kolehiyo.

(2) Isang iskedyul ng mga proyektong alinsunod sa mga kinakailangan ng Seksyon 89776, para sa California State University, o Seksyon 92170, para sa University of California. Kabilang sa iskedyul ng mga proyekto ang pagsasaalang-alang ng mga proyekto na tumutugon sa mahahalagang usapin ng sunog at kaligtasan ng buhay, mga proyektong tumutugon sa mga kakulangan ng pagkilos sa pagyanig, at mga proyektong tumutugon sa mahahalagang usapin ng nakabinbing pagpapanatili.

101338. Lahat ng perang naideposito sa 2020 University Capital Outlay Bond Fund na nakuha mula sa premium at naipong interes sa mga naibentang bond alinsunod sa kabanatang ito ay irereserba sa

pondo at magagamit para sa paglilipat sa General Fund bilang credit sa mga paggasta para sa interes ng bond, maliban sa yaong mga halagang nakuha mula sa premium na maaaring ireserba at gamitin upang bayaran ang mga gastusin ng paglalabas ng bond bago ang anumang paglilipat sa General Fund.

101339. Ang mga bonong inilabas at ibinenta alinsunod sa kabanatang ito ay maaaring i-refund ayon sa Artikulo 6 (simula sa Seskyon 16780) ng Kabanata 4 ng Bahagi 3 ng Dibisyon 4 ng Pamagat 2 ng Kodigo ng Pamahalaan, na bahagi ng State General Obligation Bond Law. Kasama sa pag-apruba ng mga botante ng estado para sa paglalabas ng mga bonong inilarawan sa kabanatang ito, ang pag-apruba ng paglalabas ng anumang bond na inilabas para i-refund ang anumang bond na dating inilabas sa ilalim ng kabanatang ito o anumang inilabas na bond na pangpondo noon. Ang anumang nai-refund na bono gamit ang mga tubo sa mga bond na pangpondo ayon sa pinahintulutan ng seksyong ito ay maaaring legal na defeased hanggang sa pinapahintulutan ng batas sa paraan at hangganang itinakda sa resolusyon, ayon sa sinusugan paminsan-minsan, na nagpapahintulot sa na-refund na bond na iyon.

101340. Ang mga tubo mula sa pagbebenta ng mga bonong pinahintulutan ng kabanatang ito ay hindi “mga tubo ng buwis” dahil ang terminong iyon ay ginagamit sa Artikulo XIII B ng Konstitusyon ng California, at ang paggugol ng mga tubong ito ay hindi napapailalim sa mga hangganang ipinapataw ng artikulong iyon.

KABANATA 5. MGA PROBISYON NG KATAPATAN AT PANANAGUTAN

101350. (a) (1) Titiyakin ng namamahalang lupon ng distrito ng paaralan, namamahalang lupon ng distrito ng kolehiyo ng komunidad, tagapamahala ng mga paaralan ng county, namamahalang lupon ng charter na paaralan, ang Board of Trustees ng California State University, ang Regents ng University of California, o ang Board of Directors ng Hastings College of Law na magsasagawa ng bukod na pagsusuri ng paggawa ng anumang proyektong pinondohan nang buo o bahagian mula sa mga tubo ng bond na pinahintulutan ng bahaging ito upang matiyak na ang paggamit ng mga naaangkop na pondo ay nasuri para sa paggasta alinsunod sa mga kinakailangan ng lahat ng naaangkop na batas.

(2) Ang isang pagsusuri ng pagganap na isinagawa para sa anumang proyektong pinondohan nang buo o bahagian mula sa mga tubo ng mga bond na pinahintulutan ng bahaging ito at kinakailangan ng anumang iba pang batas, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, isang pagsusuring isinagawa alinsunod

sa Seksyon 41024, ay ipapalagay upang matugunan ang kinakailangan ng talatang ito (1).

(3) Ang resulta ng anumang pagsusuring kinakailangan ng subdibisyong ito ay ipopost sa website sa internet ng naaangkop na distrito ng paaralan, distrito ng kolehiyo ng komunidad, tanggapan ng edukasyon ng county, charter na paaralan, ang California State University, ang University of California, o ang Hastings College of the Law.

(b) (1) (A) Bago ang pag-aapruba ng proyekto, o mga proyekto, na naghahanap ng mga pondo mula sa bahaging ito, ang namamahalang lupon ng distrito ng paaralan, lupon ng edukasyon ng county, o namamahalang konseho ng charter na paaralan ay dapat magsagawa ng kahit isang pampublikong pagdinig upang mangalap ng input mula sa mga miyembro ng publiko tungkol sa isang proyekto, o mga proyekto, na ipinapanukala para sa pagsusumite.

(B) Bago ang pag-aapruba ng kahilingan para sa pagsasaalang-alang ng proyekto, o mga proyekto, ng Lehislatura na popondohan ng mga tubo ng bond na pinahintulutan ng bahaging ito, ang namamahalang lupon ng isang distrito ng kolehiyo ng komunidad ay magsasagawa ng kahit isang pampublikong pagdinig upang mangalap ng input mula sa mga miyembro ng publiko tungkol sa isang proyekto, o mga proyektong inihihiling para sa pagsasaalang-alang.

(2) Ang kinakailangang pampublikong pagdinig alinsunod sa talata ay (1) maaaring:

(A) Mangyari sa iisang pampublikong pagdinig kung saan aaprubahan ng naaangkop na namamahalang lupon o konseho ang proyekto, o mga proyekto, na naghahanap ng mga pondo mula sa bahaging ito.

(B) Maisagawa bilang bahagi ng regular na itinatakda at inaabiso sa publikong pagdinig ng naaangkop na namamahalang lupon o konseho.

(3) (A) Magpo-post ang isang distrito ng paaralan, tanggapan ng edukasyon ng county, charter na paaralan, o distrito ng kolehiyo ng komunidad ng impormasyon hinggil sa isang proyekto, o mga proyektong, naghahanap, o humihiling, ng mga pondo mula sa bahaging ito na naaprubahan na ng naaangkop na namamahalang lupon o konseho sa pampublikong website nito sa internet.

(B) Ang impormasyon ng proyektong nakikita sa website sa internet alinsunod sa kasunod na talata ay (A) kinabibilangan ng, ngunit hindi limitado sa, lokasyon ng proyekto, o mga proyekto, tinatayang mga gastusin ng proyekto, at ng tinatayang timeline para sa pagkakabuo ng proyekto, o mga proyekto.

(4) (A) Itatabi ng distrito ng paaralan, tanggapan ng edukasyon ng county, charter na paaralan, o distrito ng kolehiyo ng komunidad ang lahat ng tala

ng pananalapi, dokumento, at talang kailangan para sa kinakailangang pagsusuri alinsunod sa subdibisyon (a).

(B) Para sa mga layunin ng talatang ito, ang isang distrito ng paaralan, tanggapan ng edukasyon ng county, charter na paaralan, o distrito ng kolehiyo ng komunidad ay maaaring magtabi ng mga tala gamit ang elektronikong pamamaraan alinsunod sa anumang naaangkop na batas ng estado at pederal.

(c) (1) Bago ang pag-aaprubang ng Lehislatura ng kahilingan para sa pagsasaalang-alang ng isang proyekto, o mga proyekto, na popondohan ng mga tubo ng bonong pinahintulutan ng bahaging ito, ang Board of Trustees ng California State University, ang Regents ng University of California, at ang Board of Directors ng Hastings College of the Law ay magsasagawa ng kahit isang pampublikong pagdinig upang mangalap ng input mula sa mga miyembro ng publiko tungkol sa isang proyekto, o mga proyekto, na inihihiling para sa pagsasaalang-alang.

(2) Ang kinakailangang pampublikong pagdinig alinsunod sa talata ay (1) maaaring:

(A) Mangyari sa parehong pampublikong pagdinig kung saan aaprubahan ng namamahahalang samahan ang pagsusumite ng naaangkop na proyekto, o mga proyekto.

(B) Maisagawa bilang bahagi ng regular na itinatakda at inaabiso sa pampublikong pagdinig ng namamahahalang samahan.

(3) (A) Magpo-post ang California State University, ang University of California, at ang Hastings College of the Law ng impormasyon tungkol sa isang proyekto, o mga proyekto, na naaprubahan para sa pagsusumite ng naaangkop na namamahahalang konseho sa kani-kanilang pampublikong website sa internet.

(B) Ang impormasyon ng proyektong nakikita sa internet website alinsunod sa kasunod na talata ay (A) kinabibilangan ng, ngunit hindi limitado sa, lokasyon ng proyekto, o mga proyekto, tinatayang mga gastusin ng proyekto, at ng tinatayang timeline para sa pagkakabuo ng proyekto, o mga proyekto.

(4) (A) Itatabi ng California State University, ang University of California, at Hastings College of Law, o ng mga naaangkop na campus nito, ang lahat ng tala ng pananalapi, dokumento, at talang kailangan para sa kinakailangang pagsusuri alinsunod sa subdibisyon (a).

(B) Para sa mga layunin ng talatang ito, ang California State University, ang University of California, at ang Hastings College of Law, o ang mga naaangkop na campus nito ay, maaaring magtabi ng mga tala gamit ang elektronikong pamamaraan, alinsunod sa anumang naaangkop na batas ng estado at pederal.